

# PLIYEGO NG KATOTOHANAN: Mga Benepisyo at Panganib ng Moderna na Bakuna sa COVID-19



Unawain ang mga benepisyo at panganib ng pagtanggap ng dalawang dose na bakuna ng Moderna sa COVID-19, na maaaring makaiwas sa pagkuha ng COVID-19. Ito ay ang iyong desisyon na tumanggap ng bakuna na ito. Makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng pagpapabakuna kung ikaw ay may mga katanungan.

## Tungkol sa Bakuna na ito

Tulad ng lahat ng covid-19 na mga bakuna, ang bakuna na ito ay awtorisado ng fda para sa emerhensiyang paggamit na ibinibigay sa kalubhaan ng covid-19 na pandemiko. Ang Moderna na bakuna ay may emerhensiyang paggamit na pahintulot para sa mga taong may edad 18 na taong gulang at pataas. Ang bakuna na ito ay dalawang dose na serye, ibinibigay isang buwan ang pagitan, tinuturok sa kalamnan.

## Mga Banepisyo ng Bakuna na Ito

Ipinapakita ng bakuna na ito ang pag-iwas sa sakit, ospitalisasyon, o kamatayan mula sa covid-19 kasunod ng dalawang dose na ibinibigay isang buwan ang pagitan.

## Ano ang Inaasahan Kapag Ikaw ay Nakakuha ng Bakuna

Kasama ng pangkalahatang epekto na iniulat sa bakuna na ito ang reaksiyon sa lugar na tinuruan at sakit sa ulo, pagkapagod, sakit sa kalamnan, pagduduwal, at lagnat.

## Mga Panganib Kaugnay sa Bakuna

**Habang may maliit na panganib sa pagkuha ng bakuna ng covid-19, ang benepisyo sa pagpapabakuna ay mas nakakalamang kaysa sa mga panganib.**

- **Malubhang Reaksiyon sa Alerhiya:** May maliit na tiyansa na ang bakuna ay magdudulot ng malubhang reaksiyon sa alerhiya (kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na pintig ng puso, masamang rash sa lahat ng buong katawan, pagkahilo, panghihina), na maaaring mangyari ilang minuto sa isang oras pagkatapos ng makuha ang dose. Kung ikaw ay nakararanas ng malubhang reaksiyon na alerhiya, tumawag ng 9-1-1.
- **Myocarditis at Pericarditis:** May ilang madalang na mga kaso ng myocarditis at pericarditis kasunod ng pagpapabakuna ng Moderna sa covid-19, partikular sa mga kalalaking mga kabataan at mga nakababatang mga adulto, madalas pagkatapos na makuha ang pangalawang dose kaysa sa unang dose, at tipikal sa loob ng ilang araw ng pagpapabakuna. Kailangang humingi ng medikal na atensyon kung ikaw ay nakararanas ng sintomas ng myocarditis or pericarditis, kasama ang sakit sa dibdib, kakulangan ng hininga, at mabilis na pintig ng puso, pagwawagayway, o pintig ng puso.

## Kung Ikaw ay Nakararanas ng Epekto

Kung ikaw ay nakararanas ng malubhang reaksiyon na alerhiya, tumawag sa 9-1-1, o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Tawagan ang tagapagkaloob ng pagpapabakuna o ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may anumang epekto na nagpapaalala sa iyo o hindi umaalis.

## Mga Opsyon ng Pagpapabakuna

Ang pagtanggap ng bakuna ay iyong desisyon at ang hindi pagkuha nito ay hindi magbabago sa iyong pamantayan ng pangangalagang medikal. Mayroong ibang mga bakuna upang makaiwas sa covid-19.

## Karagdagang Impormasyon

[Moderna COVID-19 na Bakuna](#), [CDC: Coronavirus](#), [Pag-unawa sa mga Bakuna ng mRNA COVID-19](#), [Moderna COVID-19 Kabuuang Pananaw ng Bakuna at Kaligtasan](#), o tumawag sa 1-866-663-3762

